Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 5 Modyul 19:
## (Kahalagahan ng Media)



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Filipino – Ikaapat na Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan Linggo 5 - Modyul 19: kahalagahan ng Media
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia
Tagapamanihala ng mga Paaralan: Rebonfamil R. Baguio

**Koponan ng Pagpapaunlad ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **May-akda:** | Mitchell E. Emboltura |
| **Editor:** | Cathyrine D. Melos |
| **Tagasuri :** | Emelita F. Rey, PSDS<br>Leonor C. Reyes,MAEDFIL |
| **Tagalapat**: | Ma. Gelyn G Zerna<br>Rommel C Villa |
| **Ilustrador:** | Madilyn P. Saphlot |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso |
| **Tagapamahala:** | |
| **Chairperson** | Rebonfamil R. Baguio<br>*Tagapamanihala ng mga Paaralan* |
| **Co-Chairperson** | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| **Mga Kasapi:** | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Noemie M. Pagayon, EPS – Filipino<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:

Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Lungsod ng Valencia
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

4

# Filipino

## Unang Markahan - Linggo 5 Modyul 19: (Kahalagahan ng Media)

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang mga guro at iba pang nasa larangan ng edukasyon na ipadala ang inyong mga puna, komento at rekomendasyon sa pamamagitan ng email sa Kagawaran ng Edukasyon at region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Ang modyul na ito*

Ang modyul na ito ay inihahandog para sa mga mag-aaral ng asignaturang Filipino sa Ikaapat na Baitang.

` ito ay maingat na inihanda upang naibibigay ang kahalagahan ng media (hal. Pang-impormasyon, pang-aliw, at panghikayat). Ito ay binubuo ng sumusunod na mga bahagi:

- Alamin
- Subukin
- Balikan
- Tuklasin
- Suriin
- Pagyamanin
- Isaisip
- Isagawa
- Tayahin
- Karagdagang Gawain

Mahal naming mag-aaral:

Nasa ikaapat na Baitang na kayo ngayon. Binabati namin kayo. Madaragdagan na naman ang inyong kasanayan at kaalaman. Ipagpatuloy ninyo ang pagpaunlad sa inyong sarili.

Sana sa paggamit mo nito ay mapaunlad mo pa ang iyong kaalaman at kahusayan bilang isang mag-aaral sa makabagong panahon.

Mabuhay ka!



## *Alamin*

Pagkatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahang:

Layunin:

1. Naibibigay ang kahalagahan ng media (halimbawa: Pang-impormasyon, pang-aliw, at panghikayat)


## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang;

- Basahin at unawain nang Mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Mga Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa inyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin. |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan. |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin. |
|  | Suriin | Ito ay ang pagtatalakay sa pamamamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang iyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang iyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto. |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:** Lagyan ng tsek **(/)** kung ito ay tama at **(x)** kung mali. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

_________ 1. Ang patalastas ay maikling mensahe na nagpapahatid ng mahalagang impormasyon.

_________ 2. Mahalaga ang media sa ating buhay.

_________ 3. Kailangang mahaba ang patalastas.

_________ 4. Gamitin nang wasto ang mga sangkap sa pagsulat gaya ng malaking titik, bantas, pasok at palugit.

_________5. Ito ay kailangang tiyak ang paksa ng isang babala o patalastas.

_________ 6. Nagagamit ang media kapag mayroong impormasyon o panghikayat sa mga tao.

_________ 7. Kailangan ng tao ang media paminsan-minsan lamang.

_________ 8. Ang media ay maaaring mapakinggan sa radio o mapanood sa telebisyon.

_________ 9. Ang impormasyon na gagamitin ay dapat kathang-isip lamang.

_________10. Dapat maliwanag ang mensaheng sumasagot sa mga tanong na Ano, Sino, Saan at Kailan sa pagkuha ng impormasyon.

# Aralin 5 Kahalagahan ang Media

Paano papahalagahan ang media?





## *Balikan*

May mga panuntunang sinusunod sa wastong pagsulat ng talata, ito ang mga sumusunod:

- Isulat ang pamagat sa gitna sa gawing itaas ng sulatang papel.
- Lagyan ng espasyo sa pagitan ng pamagat at mga talataan.
- Gamitin amg malaking titik sa simula ng mahahalagang salita sa pamagat/simula ng bawat pangungusap, simula ng mga pangngalang pantangi, at sa pagsulat ng pamagat.
- Gamitin ng wastong bantas sa hulihan ng bawat pangungusap.
- Ipasok ang unang pangungusap ng talaan.
- Magkaroon ng palugit sa magkabilang panig ng papel.

## *Tuklasin*

Basahin:

**Pagsulat ng Patalastas/Anunsyo**

***Nabibilang ba kayo sa mga***



# Pilipinong may KAPANSANAN?

**Kung gayon magparehistro sa Nobyembre 17 hanggang 21**

**SINO ANG MGA TAONG MAY KAPANSANAN?**

- Bulag ang isa o dalawang mata – Malabo ang mata
- Bingi – mahina ang pandinig
- Pipi – hindi makapagsaita nang malinaw
- Mahina’t paralisadong braso/ kamay – putol ang braso/ kamay
- Mahina’t paralisadong binti/paa - putol ang binti/ paa
- May learning disability – retardate
- Wala sa sarili – epileptic
- Autistic – iba pa

**BAKIT KAYODAPAT MAGPAREHISTRO?**

Sa ngayon,may mga programa’t serbisyo ang iba’t ibang sangay ng pamahalaan at pribadong sector na kumikilala sa kakayahan ng mga taong may kapansanan.subalit kulang pa ito.isinasagawa ang pagrerehistrong ito upang alamin ang bilang ninyo at makagawa ang pamahalaan ng masusi pang pag-aaral at pagpaplano ng mga programa at serbisyo para sa inyo.

**SAAN KAYO DAPAT PUMUNTA?**

Bukas lahat ng barangay hall,barangay health center,at barangay school sa limang araw na ito.kung wla ang mga ito sa luagr ninyo.may itatalagang isang registration center sa pangunguna ng inyong barangay kapitan,kasama ang mga guro,nars,midwives at volunteers .

- Ano ang paksa ng patalastas?
- Ibigay ang mahalagang impormasyong inilahad sa bawat talataan.
- Anu-ano ang mga detalyeng ibinigay kaugnay ng bawat makahulugang impormasyong inilahad ?
- Sa palagay mo,nakatulong ba sa mamamayan ang patalastas?



## *Suriin*

Ano ang kahalagahan ng media?

Papaano ba ang pagsulat ng Patalastas o Anunsyo?

- Ito ay kailangang tiyak ang paksa ng isang babala o patalastas.
- Ang patalastas ay maikling mensahe na nagpapahatid ng mahalagang impormasyon tungkol sa:
    - Gaganaping palatuntunan/iba pang Gawain
    - Panawagan sa madla
    - Kautusan ng bayan/paaralan
    - Pangangailangan sa hanapbuhay
    - Nawawala
- Kailangang maikli ang patalastas at maliwanag ang mensaheng sumasagot sa mga tanong na Ano, Sino, Saan at Kailan.
- Sa maayos na pagsulat ng patalastas, gamitin nang wasto ang mga sangkap sa pagsulat gaya ng malaking titik, bantas, pasok at palugit.



## *Pagyamanin*

Isulat na muli ang patalastas o anunsyo sa ibaba. Kung ito ay mahaba, paiikliin. Gamitin ang malaking titik at angkop na bantas.


**Isang Malaking Pambansang**

Ang Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) ay magdiriwang ng ika-35 anibersaryo mula Hulyo 2003 hanggang Hulyo 2004. Kaugnay ng pagdiriwang ng kanilang anibersaryo at sa pakikipag-ugnay ng kagawaran ng Edukasyon (DepEd), ang ASEAN ay magtataguyod sa Pambansang Paligsahan sa pagsulat ng mga sumusunod na kategorya: pagsulat ng Balita, pagsulat ng Lathalain, pagsulat ng Editoryal, pagsulat ng Editoryal Kartun, at pagkuha ng Larawang Pampahayagan para sa Elementarya maging publiko o pribado. Pagkakalooban ng tropeo, sertipiko, at salapi ang tatlong pinakamahusay sa bawat kategorya. Ang pambansang paligsahan ay gaganapin sa paaralang Sentral ng Tangub, Lungsod ng Ozamis sa ika-1 hanggang ika-5 ng Disyembre 2003. Ang mga nagnanais lumahok ay magpatala sa Kawanihan ng Basic Education, Gusaling Bonifacio, Ultra Complex, Pasig City isang linggo bago sumapit ang ika-1 ng Disyembre 2003.



***Isaisip***

Panuto: Makinig ka sa isang patalastas sa radio o telebisyon. Isulat ito sa loob ng kahon ang patalastas o anunsyong napakinggan mo.



## *Isagawa*

Gamit ang mga kahon sa ibaba. Gumawa ng sarili mong patalastas o panghikayat.

Ano:

Saan:

Kailan:



## *Tayahin*

**Panuto:** Lagyan ng **T** kung ito ay tama at **M** kung mali. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

__________ 1. Ang media ay maaaring mapakinggan sa radio o mapanood sa telebisyon.

__________ 2. Ang impormasyon na gagamitin ay dapat kathang-isip lamang.

__________3. Dapat maliwanag ang mensaheng sumasagot sa mga tanong na Ano, Sino, Saan at Kailan sa pagkuha ng impormasyon.

__________4. Gamitin nang wasto ang mga sangkap sa pagsulat gaya ng malaking titik, bantas, pasok at palugit.

__________5. Ito ay kailangang tiyak ang paksa ng isang babala o patalastas.

__________ 6. Nagagamit ang media kapag mayroong impormasyon o panghikayat sa mga tao.

__________ 7. Ang patalastas ay maikling mensahe na nagpapahatid ng mahalagang impormasyon.

__________ 8. Mahalaga ang media sa ating buhay.

__________ 9. Kailangan ng tao ang media paminsan-minsan lamang.

__________ 10. Kailangang maiksi ang patalastas.

## *Karagdagang Gawain*

Isulat na muli sa inyong sagutang papel ang patalastas na nasa ibaba ayon sa isinasaad ng balangkas.

**Isang Malaking Panlungsod na Paligsahan**

Kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika ang sangay ng lungsod ng San Pablo ay magtataguyod ng Panlungsod na Paligsahan sa Sabayang-Bigkas, Balagtasan para sa intermedya, talumpatian para sa Sekundarya at Sarsuela sa mga guro.

Ang Panlungsod na Paligsahan ay gaganapin sa Bulwagan ng Paaralang Sentral ng lungsod sa ika-19 ng Agosto ng kasalukuyang taon. Magsisimula ang paligsahan sa ganap na ika-8 ng umaga.

Ang mga nagnanais lumahok ay magpatala sa Paaralang Sentral ng Lungsod, sa Gusaling Quezon isang linggo bago sumapit ang ika-19 ng Agosto. Hanapin si Gng. Aurora Punzalan, ang gurong tagapag-ugnay sa Filipino ng Paaralang Elemtarya ng Lungsod ng San Pablo.

Ano? ____________________________________________

Kailan? ___________________________________________

Saan? ____________________________________________

Mga Detalye _______________________________________

a. Kailan kailangan magpatala? ____________________

______________________________________________

b. Kanino magpatala? ____________________________

______________________________________________

c. Adres: ____________________________________

______________________________________________

## *Susi sa Pagwawasto*

| Subukin |
| --- |
| 1. / |
| 2./ |
| 3.x |
| 4. / |
| 5./ |
| 6. / |
| 7. x |
| 8. / |
| 9.x |
| 10./ |

| Pagyamanin |
| --- |
| 1. |
| 2. |
| 3. |
| 4. |
| 5. |

| Tayahin |
| --- |
| 1. T |
| 2. M |
| 3. T |
| 4. T |
| 5.T |
| 6. T |
| 7. T |
| 8. T |
| 9.M |
| 10. T |

***Sanggunian:***

Lalunio Lydia P. at Ril Francisca G. (2000). Hiyas ng Wika 5. LG&M Corporation

Jabines Angelika D. (2015) Yaman ng Lahi Wika at Pagbasa sa Filipino 4. Sunshine Interlinks Publishing House Inc.

Para sa mga katanungan at mungkahi, mangyaring sumulat o tumawag:

Kagawaran ng Edukasyon – Sangay ng Lungsod ng Valencia

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615